CalHEERS Case Number:

DATE

HOH_NAME
ADDR_LINE_1
ADDR_LINE_2
CITY, STATE ZIP

Mahalaga!

Ipinapaliwanag ng sulat na ito ang mga pagbabago sa iyong Healthy Kids HMO na seguro. Ang programa ay kilala rin bilang County Children's Health Initiative Program (CCHIP).

Minamahal naming Subscriber,

Ang sulat na ito ay tungkol sa mga pagbabago sa inyong Healthy Kids HMO na seguro. Kabilang dito ang segurong pangkalusugan, pangkaisipang kalusugan, dental, at para sa paningin.

Ano ang magbabago?

Simula Oktubre 1, 2019, ang mga batang naka-enrol sa pamamagitan ng Santa Clara Family Health Plan's Healthy Kids HMO ay ililipat sa Santa Clara Family Health Plan's Medi-Cal program.

1. Ang **Segurong Pangkalusugan at para sa Paningin** ay ipagkakaloob ng **Santa Clara Family Health Plan's Medi-Cal program.**

    - Maaari pa ring magpatingin ang inyong anak sa parehong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.
    - Walang mga co-pay para sa mga reseta o pagpapatingin sa doktor.
    - Ang tanging gastos niyo lang ay ang inyong buwanang bayad sa premium.

2. Ang **Segurong Dental** ay ipagkakaloob ng **Medi-Cal Dental.**
    - Maaaring magpatingin ang inyong anak sa sinumang dentista na

tumatanggap ng Medi-Cal Dental.
- Mangyaring tanungin ang dentista ng inyong anak kung tumatanggap sila ng Medi-Cal Dental.

Ano ang <u>hindi</u> magbabago?

- **Hindi** magbabago ang mga saklaw na benepisyo ng inyong anak. Hindi mawawalan ang inyong anak ng anumang mga benepisyong pangkalusugan, dental, pangkaisipang kalusugan, o para sa paningin.
- Hindi magbabago ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan mula sa Healthy Kids HMO para sa inyong anak.
- Mananatili ang inyong anak sa Santa Clara Family Health Plan.

Mayroong mga tanong?

- Para sa mga tanong tungkol sa paglilipat ng inyong anak mula sa Healthy Kids HMO (or CCHIP) papuntang Medi-Cal, tawagan ang inyong Tagapangasiwa ng Programa ng CCHIP sa **1-833-91C-CHIP (833-912-2447)**, Lunes hanggang Biyernes, 8 n.u. hanggang 5 n.h.

- Para malaman ang higit pa tungkol sa pagbabagong ito, basahin ang Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQ) sa susunod na pahina. Isinasaad din sa FAQ ang tungkol sa Medi-Cal Managed Care delivery system.

- Para sa mga tanong tungkol sa mga pagpipilian para sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal sa inyong county, tumawag sa Health Care Options sa **1-800-576-6890** (TDD/TTY 1-800-430-7077), Lunes hanggang Biyernes**,** 8 n.u. hanggang 6 n.g. Libre ang pagtawag.

Nagpapasalamat,

Department of Health Care Services